# Pagbibigay ng Access sa Epektibong Komunikasyon

# Gabay para sa mga Ahensya ng Pamahalaang Estado at Lokal ng Virginia

## Ang Americans with Disabilities Act

Ang Americans with Disabilities Act (ADA) ay nag-aatas sa mga entidad ng Title II (pamahalaang estado at lokal) na makipag-ugnayan nang epektibo sa mga taong may kapansanan sa komunikasyon. Ang layunin ay upang matiyak na ang komunikasyon sa mga taong may ganitong mga kapansanan ay parehong epektibo gaya ng komunikasyon sa mga taong walang kapansanan.[1]

## Ang Interpreter Services Program ng VDDHH

Maaaring gamitin ng anumang ahensya ng pamahalaan ng Virginia ang Interpreter Services Program (ISP) ng Kagawaran para sa mga Bingi at Mahina ang Pandinig ng Virginia para sa koordinasyon ng mga interpreter ng sign language at iba pang tulong para sa mga indibidwal na Bingi o mahina ang pandinig (maliban sa mga interpreter ng edukasyon). AngInterpreter Services Agreement & Manua[2] ay nagdedetalye ng pagiging karapat-dapat, mga singil, at mga tuntunin ng serbisyo para sa mga interpreter na sumang-ayon na lumahok.

## Paghiling ng Interpreter ng ASL

Maaaring magsumite ng kahilingan para sa mga serbisyo ng interpreter ang aumang ahensya ng pamahalaan ng Virginia sa pamamagitan ng pagkumpleto ng isang Form ng Pangkalahatang Kahilingan para sa Interpreter ng Sign Language/CART[3] at pag-fax nito sa (804) 662-9718 o pag-email nito sa isprequests@vddhh.virginia.gov. Ang mga serbisyo ng interpreter ay sisingilin sa humihiling na ahensya.

**Kung personal mong kailangan ng interpreter ng ASL o iba pang tulong para sa pakikipgpupulong sa anumang ahensya ng pamahalaang estado o lokal sa Virginia, mangyaring makipag-ugnayan sa tao kung kanino ka makikipagpulong upang humiling ng mga tulong. Kung plano mong dumalo sa isang kaganapang pinangangasiwaan ng isang estado o ahensya ng lokal na pamahalaan, mangyaring makipag-ugnayan sa coordinator ng kaganapan upang humiling ng mga tulong.**

Mga Tanong?
Mangyaring makipag-ugnayan sa amin sa isp@vddhh.virginia.gov.

Para sa digital na kopya ng dokumentong ito na may mga hyperlink na maaaring i-click, mangyaring gamitin ang QR code o magpunta sa https://www.vadsa.org/apps/DocumentRepositoryViewer/fileviewer/3365.

[1] *Epektibong Komunikasyon*. ADA Requirements: Effective Communication, https://archive.ada.gov/effective-comm.htm
[2] https://www.dsa.virginia.gov/apps/DocumentRepositoryViewer/fileviewer/2306
[3] https://www.dsa.virginia.gov/apps/DocumentRepositoryViewer/fileviewer/24

Virginia Department for the Deaf and Hard of Hearing